



## MAHALAGANG IMPOMASYON TUNGKOL SA BAKUNA SA COVID-19 NG JOHNSON & JOHNSON/JANSSEN

Noong Abril 23, 2021, ang Centers for Disease Control and Prevention (CDC) at ang U.S. Food and Drug Administration (FDA) ay iminungkahi ang patuloy na paggamit ng bakuna sa COVID-19 ng Johnson & Johnson's Janssen (J&J/Janssen) sa United States, pagkatapos ng pansamantalang pagpatigil.

Ang pamumuo ng dugo kasama ng blood vessel sa utak, tiyan, at binti kasabay ng mababang lebel ng platelet (ang selyula ng dugo na tumutulong sa iyong katawan na pigilan ang pagdurugo), ay nangyari sa mga taong nabakunahan ng bakuna ng J&J/Janssen. Sa mga taong nagkaroon ng pamumuo ng dugo at mababang lebel ng platelet, nagsimula ang sintomas ng mga isa hanggang dalawang linggo pagkatapos ng pagbabakuna. Halos lahat ng tao na nagkaroon ng pamumuo ng dugo at mababang lebel ng platelet ay mga babae, na may edad 18 hanggang 49 taon. Ang tsansa ng pagkakaroon nito ay napakababa.

**Ang datos ng pagsusuri na mayroon sa ngayon ay nagpapakita na ang kilalang benepisyo at potensyal ay mas matimbang kaysa sa kilala at potensyal na panganib ng bakuna ng J&J/Janssen.** Subalit, ang mga babaeng mas bata sa 50 dapat alam ang bihira pero mas mataas na panganib na ito pero may mga ibang bakuna sa COVID-19 na pwedeng pagpilian na walang ganitong panganib.

- Ang ibang epekto na ito ay bihira, na nangyayari sa bilang na mga 7 sa 1 milyong nabakunahang babae sa pagitan ng 18 at 49 taong gulang.
- Para sa mga babaeng 50 at mas matanda pa at sa mga lalaki sa lahat ng edad, ang masamang epekto na ito ay mas bihira pa.

### Dagdag na Pagpipiliang Bakuna

Mula April 23, 2021, ang masamang epekto na ito ay hindi nauugnay sa ibang dalawang bakuna ng COVID-19 na ginawa ng Pfizer-BioNTech o Moderna.

**Mangyaring magtanong kung mayroong alternatibong bakuna ngayon sa klinikang ito kung pipiliin mong hindi mabakunahan ng bakuna ng Johnson & Johnson. Mangyaring tandaan na ang ibang mga bakuna ay kailangang 2 imbes na 1 dosis at kailangang bumalik sa pagbisita sa klinikang ito para sa iyong ikalawang dosis.**

Kung mas gusto mo ng ibang bakuna at ito'y wala dito sa lugar ng pagbabakuna, maaari kang bumisita sa [vaccinate.virginia.gov](https://vaccinate.virginia.gov) o tumawag sa 877-VAX-IN-VA (877-829-4682) para magpatakda ng appointment para matanggap ang gusto mong bakuna sa COVID-19.

